



PINAGMULAN

Nakatuon ang Sentro para sa Paglaban sa Human Trafficking (Center for Countering Human Trafficking o CCHT) na gambalain at buwagin ang mga human trafficking na organisasyon at nagbibigay ng suporta at proteksyon sa mga biktima. Ang pangunahing bahagi ng gawaing ito ay ang pagpoproseso ng lahat ng mga kahilingan sa Patuloy na Presensiya (Continued Presence) mula sa pagpapatupad ng batas sa buong bansa.



ANO ANG PATULOY NA PRESENSIYA (CONTINUED PRESENCE)?

Ang Patuloy na Presensiya (Continued Presence o CP) ay isang pansamantalang pagtatalaga ng imigrasyon na ibinigay sa mga indibidwal na kinilala ng pagpapatupad ng batas bilang mga biktima ng isang "matinding anyo ng trafficking sa mga tao" na maaaring potensyal na mga saksi. Pinapayagan ng CP ang mga biktima ng trafficking na pansamantalang manatili sa Estados Unidos ayon sa batas at magtrabaho sa panahon ng pagsisiyasat sa mga krimen na nauugnay sa human trafficking na ginawa laban sa kanila at sa anumang aksyong sibil sa ilalim ng 18 U.S.C. § 1595 na inihain ng mga biktima laban sa kanilang mga trafficker. Ang CP ay unang ibinibigay sa loob ng dalawang taon at maaaring mapanumbalik hanggang sa dalawang taong pagtaas. Ang mga tagatanggap ng CP ay tumatanggap din ng pederal na mga benepisyo at serbisyo.



KAHALAGAHAN NG PATULOY NA PRESENSIYA (CONTINUED PRESENCE)

Nagbibigay ang CP sa mga biktima ng ligal na paraan upang pansamantalang manirahan at magtrabaho sa U.S., nagbibigay sa kanila ng katagan, isang paraan ng suporta, at proteksyon mula sa pagpapaalis. Pinapawi nito ang mga takot tungkol sa pagpapaalis at suporta sa ekonomiya, na hindi lamang nagpapatatag ng mga biktima ngunit nagpapabuti din sa kakayahan ng mga biktima na makipagtulungan sa pagpapatupad ng batas. Samakatuwid ang CP ay isa ring mahalagang kasangkapan para sa pederal, estado at lokal na pagpapatupad ng batas sa kanilang pagsisiyasat sa mga krimen na nauugnay sa human trafficking, na humahantong sa mas matagumpay na pag-uusig. Ang rutinang paggamit ng CP para sa mga biktima ay nagdudulot din ng pagtitiwala sa mga tagapagbigay ng serbisyo at organisasyon na maaaring mapagkukunan ng mga referral para sa pagpapatupad ng batas na poprotektahan ang mga biktima ay kung sila ay magpapakita. Higit sa lahat ito ay nagdaragdag ng kakayahan ng pagpapatupad ng batas na makilala ang higit pang mga biktima at trafficker.

PAANO HINIHING ANG PATULOY NA PRESENSIYA (CONTINUED PRESENCE)?

Ang isang aplikasyon ng CP ay dapat na sinisimulan kaagad sa pagkakakilanlan ng isang biktima ng trafficking na maaaring isang potensyal na saksi.

Ang CP ay maaaring hilingin ng anumang pederal, estado o lokal na ahensya ng pagpapatupad ng batas na may awtoridad na siyasatin o usigin ang human trafficking. Ang mga pagsumite ng humihiling na estado at lokal na mga ahensya ay dapat na nai-sponsor ng isang pedral na ahensya at niruruta sa pamamagitan ng mga itinalagang POC ng pederal na sponsoring na ahensya sa CCHT. Kabilang sa pederal na mga ahensyang ito, halimbawa, HSI, FBI, DSS, DOL, EEOC at anumang mga USAO. Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na tanggapan ng HIS field at humiling sa coordinator ng parol para sa naaangkop na mga form at mga tagubilin sa pagsumite.

Kung ang kahilingan ay batay sa isang aksyong sibil, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na tanggapan ng HIS field, hilingin ang Espesyalista sa Pagtulong sa Biktima, at magbigay ng isang kopya ng inihain na reklamo.

Kung kinakailangan, ang mga panunumbalik ng CP ay dapat na isumite 60 araw bago matapos ang CP.

SINO ANG NAGPAPAHINTULOT NG PATULOY NA PRESENSIYA (CONTINUED PRESENCE)?

Pinoproseso ng CCHT ang lahat ng mga kahilingan ng CP mula sa pagpapatupad ng batas sa buong bansa. Kung naaprubahan, aabisuhan ng CCHT ang Kalusugan at mga Paglilingkod na Pantao (Health and Human Services o HHS), na naglalabas ng isang sulat ng sertipikasyon na nagkukumpirma sa pagiging karapat-dapat ng biktima para sa pederal na mga benepisyo at serbisyo.¹ Inaabisuhan din ng CCHT ang USCIS, na gumagawa ng Form I-94 (Talaan ng Pagdating- Pag-alis o Arrival-Departure Record) na nagpapahiwatig ng itinalagang imigrasyon ng biktima at isang Dokumento ng Pahintulot sa Trabaho (Employment Authorization Document o EAD) upang payagan ang biktima na magtrabaho ayon sa batas. Ang opisyal ng pagpapatupad ng batas na humiling ng CP ay nagbibigay ng mga dokumentong ito sa biktima.

Dapat panatilihin ng mga biktima sa kanila sa lahat ng oras ang mga pangalan at numero ng telepono ng kanilang ahente ng kaso at espesyalista sa pagtulong sa biktima, bilang karagdagan sa I-94 at EAD na nagpapatunay na mayroon silang CP. Ang impormasyong ito ay dapat ibigay sa imigrasyon o iba pang mga opisyal sa pagpapatupad ng batas sa pagkakahiling.

¹ Taliwas sa mga biktima na may sapat na gulang, ang menor de edad na mga biktima ay hindi kinakailangan makipagtulungan sa pagpapatupad ng batas upang matanggap ang mga benepisyonang ito.

SINO ANG BIKTIMA NG ISANG "MALUBHANG URI NG TRAFFICKING SA MGA TAO"?

Kasama sa pederal na kahulugan ang isang indibidwal na napailalim sa:

- Sex Trafficking – ang pangangalap, pagtatago, transportasyon, pagkakaloob, pagkuha, pagtataguyod, o paghingi ng isang tao para sa layunin ng isang komersyal na kilos na sekswal na hinimok ng puwersa, pandaraya o pamimilit, o kung saan ang taong hinimok upang maisagawa ang naturang kilos ay 18 taong gulang pababa; o
- Labor Trafficking – ang pangangalap, pagtatago, transportasyon, pagkakaloob o pagkuha ng isang tao para sa paggawa o serbisyo, sa pamamagitan ng paggamit ng puwersa, pandaraya, o pamimilit para sa hangarin na sumailalim sa hindi kusang paglilingkod, sapilitan, pagkaalipin sa utang o pagkabusabos.

